

2.01.07 Pagputol ng Serbisyo.

- A. Maaaring putulin ang serbisyo sa tubig dahil sa alinman sa mga sumusunod na dahilan:
1. Delingkuwensiya o hindi pagbabayad ng anumang halaga o singil sa serbisyo sa tubig ngunit hindi dapat putulin ang serbisyo sa tahanan para sa alinman sa mga sumusunod na sitwasyon:
 - a. Sa panahon ng pagkabinbin ng anumang imbestigasyon ng Distrito ng isang hindi pagkakasundo o reklamo ng isang kostumer.
 - b. Kapag nabigyan ang kostumer ng isang pagpapahaba ng panahon para sa pagbabayad ng isang singil ukol sa serbisyo sa tubig.
 - c. Kapag handa ang kostumer na pumasok sa isang kasunduan ng amortisasyon (hulugang pagbabayad).
 - d. Sa sertipikasyon ng isang lisensiyadong doktor o surgeon na ang pagputol ng serbisyo sa tubig ay maglalagay ng panganib sa buhay ng kostumer at ang kostumer ay walang kakayahang pinansiyal na magbayad para sa serbisyo sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad at handang pumasok sa isang kasunduan ng amortisasyon sa Distrito at humihiling ng pahintulot upang bayaran nang hulugan ang hindi nabayaranang balanse ng anumang singil na itinuturing na hindi sakop ng kakayahang bayaran ng kostumer sa panahon ng normal na pagbabayad, sa loob ng panahong hindi lalagpas sa labindalawang (12) buwan.
 - e. Maaaring ipakita ng kostumer na wala siyang kakayahang pinansiyal sa pagbabayad para sa serbisyo sa tahanan sa panahon ng normal na siklo ng singil ng Distrito. Maaaring patunayan ng kostumer na siya ay walang kakayang pinansiyal upang bayaran ang serbisyo sa tahanan sa panahon ng normal na siklo ng singil ng Distrito kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng mga programa sa tulong pampinansiyal tulad ng Cal WORKS, Medi-Cal o iba pang mga pangkalahatang programa sa tulong pampinansiyal.
 - f. Maaaring ideklara ng kostumer at ipakita na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan.

2. Walang pahintulot na pagkuha ng tubig.
 3. Pagkabigo ng kostumer na panatilihin sa maayos na kondisyon ang kaniyang mga pasilidad upang maiwasan ang pag-aaksaya ng tubig.
 4. Pagkakaroon ng anumang hindi protektadong koneksiyon ng daluyan ng iniinom na tubig at kontaminasyon o polusyon sa pag-aari ng kostumer o ang kakulangan sa sapat na proteksiyon sa backflow (pagdaloy ng tubig sa salungat na direksiyon) sa koneksiyon ng serbisyo.
 5. Upang protektahan ang Distrito laban sa pandaraya o pang-aabuso.
 6. Anumang paglabag ng kostumer sa anumang patakaran, regulasyon o singil ng Distritong namamahala sa serbisyo sa tubig.
- B. Simula alas-otso nang umaga sa susunod na araw pagkatapos ng itinakdang petsa na nakasulat sa nakasabit sa pinto (door hanger), magpapataw sa account ng isang singil sa pagputol / muling pagkabit ayon sa resolusyon ng Distrito. Dagdag dito, maaaring magkaroon ng isang utos sa gawain (work order) upang putulin ang serbisyo dahil sa pagkabigong magbayad, alinsunod sa Seksiyon 2.01.07A sa itaas.
- C. Sampung araw pagkatapos na magsagawa ang Distrito ng isang utos sa gawain upang putulin ang serbisyo alinsunod sa Seksiyon 2.01.07B, sa itaas, dapat na tukuyin ang serbisyo bilang permanenteng pinutol at wawakasan na ang account.
- D. Ang mga serbisyong itinigil alinsunod sa Seksiyong ito ay hindi ibabalik hanggang lahat ng mga bayad at singil ay nabayaran nang buo.

2.01.08 Abiso sa Pagputol ng Serbisyo sa Tahanan dahil sa Hindi Pagbabayad

- A. Nang hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang anumang mungkahing pagputol ng serbisyo sa tubig sa tahanan dahil sa hindi pagbabayad ng isang delinkuwenteng account para sa nasabing serbisyo, makikipag-ugnayan ang Distrito sa kostumer sa pamamagitan ng telepono o magbibigay ng abiso sa Pagputol, sa kostumer o sa naninirahan na siyang sinisingil para sa serbisyong iminumungkahing putulin. Dapat na kabilang sa abiso ang impormasyong nakalarawan sa seksiyon 2.01.08 B,

Kung makikipag-ugnayan ang Distrito sa kostumer sa pamamagitan ng telepono, kailangan niyang bigyan ang kostumer ng impormasyon sa kung paano makuha ang polisiya ng Distrito sa pagputol ng serbisyo. Dapat ding ipagbigay-alam ng distrito sa kostumer ang opsiyon na humiling ng amortisasyon ng hindi nabayarang balanse.

Kung ang address ng kostumer ay hindi ang address ng ari-arian kung saan ipapatupad ang pagputol ng serbisyo, magpapadala ang Distrito ng isang abiso, na may bayad na selyo (postage prepaid) sa billing address ng kostumer.

Dagdag pa sa pitong (7) araw na abisong kabilang sa mga naunang talata, magsasagawa ang Distrito ng makatwirang pagsubok na makikipag-ugnayan sa sinumang indibidwal na nasa hustong gulang na nakatira sa tirahan ng kostumer sa pamamagitan ng telepono o personal na pakikipag-ugnayan nang hindi bababa sa apatnapu't walong (48) oras bago ang anumang pagputol ng serbisyo, maliban sa sitwasyong hindi maisagawa ang pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng telepono o personal na pakikipag-ugnayan, magbibigay ang Distrito, sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat, nang personal, o paglalagay sa madaling makitang lugar sa tirahan, ng isang abiso ng pagputol ng serbisyo, nang hindi bababa sa apatnapu't walong (48) oras bago ang pagpuputol.

- B. Dapat na kasama sa bawat Abiso sa Pagputol ng serbisyo na kinakailangan ng seksiyon na ito ang lahat ng mga sumusunod na impormasyon:
1. Pangalan at address ng kostumer na may delinkuwenteng account;
 2. Halaga ng delinkuwensiya o hindi nabayaran;
 3. Petsa kung kailan dapat na magbayad o magkaroon ng mga kasunduan sa pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo;
 4. Pamamaraan para sa kostumer upang makakuha ng impormasyon tungkol sa paano maaaring maghain ang kostumer ng reklamo o humiling ng isang imbestigasyon tungkol sa serbisyo o mga singil, maliban kung ang singil ng Distrito para sa serbisyo ay naglalaman na ng paglalarawan ng pamamaraang iyon;
 5. Pamamaraan para sa kostumer na makakuha ng impormasyon kung posible ang paghiling ng amortisasyon sa halaga ng delinkuwensiya; at

6. Numero ng telepono at pangalan ng isang kinatawan ng Distrito na maaaring makapagbigay ng karagdagang impormasyon o magsaayos ng mga kasunduan sa pagbabayad.

2.01.09 Abiso sa Pagputol ng Serbisyo sa Relasyon ng May-ari ng Tirahan (Landlord)-Nangungupahan sa mga Estructura ng Tahanan na may Maraming Yunit o sa Hiwalay na Tirahan para sa Isang Pamilya

Magbibigay ang Distrito ng mga sumusunod na abiso bago ang pagputol ng serbisyo, kapag nagbibigay ng serbisyo sa tubig ang Distrito sa pamamagitan ng isang master meter, o nagbibigay ng serbisyo sa may indibidwal na metro sa isang estructura ng tahanan na may maraming yunit, parke ng mobile home (naillipat na tahanan), o kampo ng paggawa sa bukid (farm labor camp):

- A. Abisuhan ang may-ari ng ari-arian alinsunod sa Seksiyon 2.01.08 sa itaas; at
- B. Pagsisikap na magbigay-alam nang may malinis na intensiyon sa mga aktuwal na gumagamit ng serbisyo, kung ang account ay may hindi nabayarang balanse sa pamamagitan ng isang abiso na mapuputol ang serbisyo sa loob ng pitong (7) araw. Ang nasabing abiso ay susunod sa Seksiyon 60371 ng Kodigo ng Pamahalaan (Government Code Section).
- C. Karagdagang ipagbibigay-alam sa mga residente ng abiso sa pagputol na sila ay may karapatan na maging mga kostumer, na siyang direktang sisingilin para sa serbisyo, nang hindi kinakailangang magbayad nang anumang halagang maaaring nakatakdang bayaran sa delingkuwenteng account.
- D. Hindi kinakailangan ng Distrito na ibigay ang serbisyo sa mga residente maliban kung ang bawat nangungupahan ay sasang-ayon sa mga termino at kondisyon ng serbisyo at matutugunan ang mga kinakailangan ng mga polisiya ng Distrito. Gayunpaman, kung isa o higit pa sa mga residente ang handang akuin ang responsibilidad para sa mga susunod na singil sa account at matutugunan ang kasiyahan ng Distrito, o kung mayroong pisikal na paraan na legal na magagamit ang Distrito para piliin lamang na wakasan ang serbisyo sa mga residenteng hindi natugunan ang mga kinakailangan ng Distrito, ibibigay ng Distrito ang serbisyo para sa mga residenteng natugunan ang mga kinakailangan.
- E. Sa kaso ng hiwalay na tirahan para sa isang pamilya (detached single-family dwelling), magbibigay ang distrito ng abiso sa pagwakas, sa mga residente, nang hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang iminungkahing pagputol. Upang tanggalin ang halagang dapat bayaran sa delingkuwenteng account, iaatas ng Distrito sa residenteng magiging

kostumer na beripikahin na ang kostumer na nasa tala ng delingkuwenteng account ay ang kasalukuyan o nakaraang landlord, tagapamahala o ahente ng tirahan.

2.01.10 Pagputol ng mga Serbisyong Hindi Pantahanan dahil sa Hindi Pagbabayad.

Magbibigay ang Distrito ng isang nakasulat na abiso sa kostumer, nang hindi bababa sa pitong (7) araw bago putulin ang serbisyo sa tubig na hindi pantahanan. Tutukuyin ng abiso ang dahilan para sa iminungkahing pagputol at ipagbibigay-alam sa kostumer ang oportunidad na talakayin ang dahilan ng iminungkahing pagputol sa Pangunahing Tagapamahala (General Manager), o sa kaniyang itinalaga. May kakayahan ang Pangunahing Tagapamahala o ang kaniyang itinalaga upang suriin ang mga hindi pagkakasundo at itama ang mga pagkakamali at ayusin ang mga kontrobersiya tungkol sa iminungkahing pagputol ng serbisyo. Isasama ang pangalan at numero sa telepono ng Pangunahing Tagapamahala, o kaniyang itinalaga, sa anumang abiso ng iminungkahing pagputol na ibinigay sa isang kostumer na hindi naninirahan.

2.01.11 Pagputol ng Serbisyo sa Sabado at Linggo, Mga Holiday o Pagkatapos ng Oras ng Serbisyo.

Hindi puputulin ang mga Serbisyo ng Distrito sa sinumang kostumer o gumagamit dahil sa anumang delingkuwensiya sa pagbayad sa anumang Sabado, Linggo, legal na holiday, o anumang panahon pagkatapos ng oras ng negosyo ng Distrito kung saan hindi ito bukas para sa publiko.

2.01.12 Imbestigasyon at Amortisasyon ng Delingkuwenteng Singil para sa Serbisyo sa Tubig sa Tahanan.

- A. Sa pamamagitan nito, ang Pangunahing Tagapamahala, o kaniyang itinalaga, ay binibigyan ng awtorisasyon upang imbestigahan ang mga reklamo at suriin ang mga hindi pagkakasundo tungkol sa anumang bagay kung saan ang serbisyo sa tubig ay maaaring putulin at upang itama ang mga pagkakamali at ayusin ang mga kontrobersiya tungkol sa mga hindi pagkakasundo.
- B. Susuriin ng Pangunahing Tagapamahala, o kaniyang itinalaga ang bawat reklamo o hiling para sa imbestigasyon ng isang kostumer ng tahanan na ipinasa sa loob ng limang (5) araw mula sa pagkakatanggap ng hindi napagkasunduang singil para sa serbisyo sa tubig, at bawat hiling ng isang kostumer ng tahanan na ipinasa sa loob ng labintatlong (13) araw mula sa pagpapadala ng abiso sa pamamagitan ng koreo na kinakailangan ayon sa Seksiyon 2.01.08 para sa pagpapahaba ng

panahon ng pagbabayad ng isang singil na iginigiit na lagpas sa kakayahan ng kostumer na magbayad nang buo sa panahon ng normal na panahon ng pagbabayad. Isasama sa pagsusuring ito ang pagsasaalang-alang kung papahintulutan ang kostumer na bayaran nang hulugan ang hindi nabayaranang balanse ng halaga sa loob ng isang makatwirang panahon, na hindi lalagpas sa labindalawang (12) buwan. Papahintulutan lamang ng Distrito ang isang (1) kasunduan sa amortisasyon kada labing-walong (18) buwan. Ang sinumang kostumer na may reklamo o hiling para sa isang imbestigasyon na nagresulta sa isang salungat na pagpapasiya ng Pangunahing Tagapamahala, o kaniyang itinalaga, ay maaaring mag-apela sa deisyon sa Lupon ng Mga Direktor (Board of Directors).

2.01.13 Abisong Kinakailangan Bago Putulin ang Serbisyo dahil sa Pagkabigo na Sumunod sa Kasunduan sa Amortisasyon

Kung binigyan ng awtorisasyon ang kasunduan sa amortisasyon, walang maaapektuhan na pagputol sa serbisyo sa tubig para sa sinumang kostumer ng tahanan na sumusunod sa naturang kasunduan, ngunit kinakailangang panatilihin ng kostumer na walang utang ang account habang nagpapataw ng singil sa bawat magkakasunod na panahon ng singil. Kung nabigo ang isang kostumer ng tahanan na sumunod sa kasunduan sa amortisasyon, hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo nang hindi nagbibigay ng abiso sa kostumer nang hindi bababa sa apatnapu't walong (48) oras bago ang pagputol ng mga kondisyong kinakailangang tugunan ng kostumer upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo. Hindi nagbibigay ng karapatan ang abisong ito sa kostumer na magkaroon ng karagdagang imbestigasyon ng Distrito.

2.01.14. Pampublikong Perwisyo, Pagbabawas (Abatement)

Sa anumang panahon ng walang koneksiyon o pagputol ng koneksiyon ng serbisyo sa tubig, itatalaga ang pananatili ng mga tao sa tirahan bilang isang pampublikong perwisyo, kung saan maaaring magsagawa ng legal na hakbang ang Distrito para sa pagbabawas sa paninirahan ng mga tao sa naturang tirahan sa panahon ng pagputol ng nasabing serbisyo. Maaaring humiling ang Distrito sa Opisyal sa Kalusugan ng County (County Health Officer) na simulan ang mga legal na hakbang para sa pagbabawas sa paninirahan ng mga tao sa tirahan. Sa pangyayaring ito, at bilang isang kondisyon ng pagbabalik ng koneksiyon, babayaran sa Distrito ang makatwirang bayad para sa abogado at mga nagastos sa kaso na resulta ng nasabing hakbang.

2.01.15 Pagbabayad nang Hindi Buo

Sa kaso ng hindi buong pagbabayad ng isang kostumer, ilalapat ang bayad sa account ayon sa sumusunod na pagkakasunod-sunod:

- A. Mga multa at singil sa pagbabalik ng serbisyo;
- B. Singil sa huling pagbabayad;
- C. Singil sa tubig.

2.01.16 Mga Ibinalik o Tumbalik na Tseke

Ang singil, ayon sa pagtatalaga ng Resolusyon ng Distrito (District Resolution), ay ipapataw sa sinumang taong may tseke o ACH na ibinalik ng bangko dahil sa kakulangan sa pondo. Ipinoproseso ang mga ibinalik na tseke at ACH bilang mga delinkuwenteng bayad para sa mga layong nakalapat sa Seksiyon 2.01.07.

2.01.17 Pagpaskil ng Distrito ng mga Delinkuwenteng Account at Pagkuha ng Polisiya ng Distrito

Hinihingi sa Distrito na ipaskil taon-taon ang dami ng bilang na pinutol ng Distrito ang mga serbisyo, dulot ng kawalan ng kakayahang magbayad ng kostumer nito. Luulat ang mga pigurang ito sa Lupon ng Mga Direktor, bago ilagay sa website ng Distrito.

Magiging available ang polisiya ng Distrito sa pagputol ng serbisyo sa mga kostumer, kapag hiniling. Makukuha ang mga polisiyang ito sa pamamagitan ng pagkuha sa mga tanggapan ng Distrito at makikita ito para sa pagsusuri sa elektronikong paraan sa website ng Distrito, www.losososcsd.org. Kung kailangan ang polisiya sa alternatibong wika, maliban sa Ingles, ihahanda rin ito ng Distrito.